



1 Enero 2016

Maria, Ina ng Diyos • Araw ng Kapayapaang Pandaigdig

Taong K

Magkaroon Nawa ng Kapayapaan sa Lupa!

Maligaya't Mapayapang Bagong Taon sa lahat! Wala na marahil higit na angkop pang pagbati natin sa isa't isa ngayon sapagkat kailangan natin ang kapayapaan sa ating mga puso, mga mag-anak, sa ating bansa, at sa buong mundo. Kay-raming nasasayang! Kay-raming buhay ang nasisira ng galit at digmaan.

Ngunit alam nating ang tunay at pangmatagalang kapayapaan ay manggagaling lamang sa pagsunod sa kautusan ng Diyos at pagpapala ng Diyos sa kanilang pagsisikap. Batid din nating handa Siyang ipagkaloob ang mahalagang kapayapaang ito sa atin sa pamamagitan ng ating Mahal na Ina, na pinarangalan natin ngayon bilang "Ina ng Diyos." Nawa, sa kanyang mabisang pamamagitan, maisantabi ng mga nagdidigmaang pangkat at bansa ang lahat ng pagkamuhi at magsimulang magtulungan sa ikapagtatayo ng kabihasnang pagmamahalan, katarungan, at kapayapaan. Gawin natin itong pangunahin nating kahilingan sa pagdiriwang ng Eukaristiya ngayon.



PASIMULA



Pambungad

(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)

Namanaag ang liwanag dahil ngayon ipinanganak ang Poong Tagapagligtas, ang Amang sa hinaharap maghaharing walang wakas.

Pagbati

P–Pagpalain ang Diyos na nagbibigay sa atin ng isang bagong taon at nananawagan sa ating maging katulong Niya sa pagtatatag ng Kaharian. Ang Kanyang biyaya at kapayapaan ay sumainyong lahat!

B– At sumaiyo rin!

Pagsisisi

P– Mga mahal na kapatid, sa pagsisimula natin ng isang bagong taon, isipin natin kung gaano ang ating pangangailangan sa pagpapatawad ng Diyos sa ating mga kasalanan. (Manahimik sandali.)

P–Para sa mga pagkakataong

di namin napahalagahan ang aming oras, Panginoon, kaawaan mo kami!

B–Panginoon, kaawaan mo kami!

P–Para sa mga pagkakataong napabayaan namin ang mga kapatid na nangangailangan, Kristo, kaawaan mo kami!

B–Kristo, kaawaan mo kami!

P–Para sa mga pagkakataong nagpabaya kami sa pagsamba at pagmamahal sa Iyo na tulad ng dapat, Panginoon, kaawaan mo kami!

B–Panginoon, kaawaan mo kami!

P–Kaawaan tayo ng makapangyarihang Diyos, patawarin tayo sa ating mga kasalanan, at patnubayan tayo sa buhay na walang hanggan.

B– Amen!

Papuri

B– Papuri sa Diyos sa kaitaasan at sa lupa'y kapayapaan sa mga taong kinalulugdan niya. Pinupuri ka namin, dinarantal ka namin,

sinasamba ka namin, ipinagbubunyi ka namin, pinasasalaman ka namin dahil sa dakila mong angking kapurihan. Panginoong Diyos, Hari ng langit, Diyos Amang makapangyarihan sa lahat.

Panginoong Hesukristo, Bugtong na Anak, Panginoong Diyos, Kordero ng Diyos, Anak ng Ama. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, tanggapin mo ang aming kahilingan. Ikaw na naluluklok sa kanan ng Ama, maawa ka sa amin. Sapagkat ikaw lamang ang banal, ikaw lamang ang Panginoon, ikaw lamang, O Hesukristo, ang Kataas-taasan, kasama ng Espiritu Santo sa kadakilaan ng Diyos Ama. Amen!

Panalanging Pambungad

P–Ama naming makapangyarihan, pinagpala mo ang sangkatauhan sa iniluwal ng Mahal na Ina. Ipalasap mo sa amin ang kanyang pagdalangin sa pamamagitan ng iyong Anak na isinilang niya para

sa amin upang kami'y mabuhay kasama mo at ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.
B – Amen!



Unang Pagbasa Bil 6:22-27
Ang magandang panalanging maririnig natin ay ginamit ng mga pari sa Templo sa pagbabasbas sa mga tao sa pagwawakas ng mga rituwal na panrelihiyon. Tunay itong angkop ngayong nagsisimula tayo ng Bagong Taon kasabay ng pagdiriwang din natin sa “Araw ng Kapayapaang Pandaigdig.”

L – Pagpapahayag mula sa Aklat ng mga Bilang

Sinabi ng Panginoon kay Moises, “Sabihin mo kay Aaron at sa kanyang mga anak na ito ang sasabihin nila sa pagbebendisyon nila sa mga Israelita: ‘Pagpalain ka nawa at ingatan ng Panginoon; nawa’y kahabagan ka niya at subaybayan; lingapin ka nawa niya at bigyan ng kapayapaan.’

Ganito nila babanggitin ang pangalan ko sa pagbebendisyon sa mga Israelita at pagpapalain ko ang mga ito.”

Ang Salita ng Diyos!
B – Salamat sa Diyos!

Salmong Tugunan Awit 66
B – Kami’y iyong kaawaan, pagpalain, Poong mahal!

R. M. Velez

Ka-mi'y i-yong ka-a-wa-an, pag-pa-la-in, Po-ong ma-hal!

- * O Diyos, pagpalain kami't kahabagan, kami Panginoon'y iyong kaawaan, upang sa daigdig mabatid ng lahat ang iyong kalooban at ang pagliligtas. **B.**
- * Nawa'y purihin ka ng mga nilikha, pagkat matuwid kang humatol sa madla; ikaw ang patnubay ng lahat ng bansa. **B.**
- * Purihin ka nawa ng lahat ng tao, purihin ka nila sa lahat ng dako. Ang lahat sa ami'y iyong pinagpala, nawa'y iginalang ka ng lahat ng bansa. **B.**

Ikalawang Pagbasa Ga 4:4-7
Si Hesukristo ang tampok sa plano ng Diyos. Naparito siya sa atin sa pamamagitan ni Mariang Kabanal-banan. Sa pamamagitan niya, ang plano ng Diyos ay natupad sa “takdang panahon.”

L – Pagpapahayag mula sa Sulat ni Apostol San Pablo sa mga taga-Galacia

Mga kapatid: Noong dumating ang takdang panahon, sinugo ng Diyos ang kanyang Anak. Isinilang siya ng babae, at namuhay sa ilalim ng Kautusan upang palayain ang mga nasa ilalim ng Kautusan. Sa gayon, tayo'y mabibilang na mga anak ng Diyos.

Upang ipakilalang kayo'y mga anak ng Diyos, pinagkalooban niya tayo ng Espiritu ng kanyang Anak nang tayo'y makatawag sa kanya ng “Ama! Ama ko!” Kaya't hindi ka na alipin kundi anak. Sapagkat anak, ikaw ay tagapagmana ayon sa kalooban ng Diyos.

Ang Salita ng Diyos!
B – Salamat sa Diyos!

Aleluya Heb 1:1-2
B – Aleluya! Aleluya!
 N'ong dati'y mga propeta; ngayon nama'y Anak niya ang sugo ng D'yos na Ama. **Aleluya! Aleluya!**

Mabuting Balita Lu 2:16-21
Ang sipi ng Ebanghelyo para ngayon ay dalawang salaysay tungkol kay Hesus nang siya'y isang sanggol pa lamang: ang tungkol kay Maria at sa mga pastol; at ang pagtuli kay Hesus, na isang rituwal na kanyang ikinapaging-ganap na kabilang sa Bayang Hinirang.

P – Ang Mabuting Balita ng Panginoon ayon kay San Lucas
B – Papuri sa iyo, Panginoon!

Noong panahong iyon, nagmamadali ang mga pastol na lumakad patungong Betlehem at nakita nila sina Maria at Jose, at ang sanggol na nakahiga sa sabsaban. Kaya't isinaysay nila ang mga sinabi ng anghel tungkol sa sanggol na ito; at nagtaka ang lahat ng nakarinig sa sinabi ng mga pastol. Natanim sa isip ni Maria ang mga bagay na ito at kanyang pinagbulay-bulay. Umalis ang mga pastol na nagpupuri sa Diyos at nagpapahayag ng kanyang kadakilaan dahil sa lahat ng narinig nila at nakita na ayon sa ibinalita sa kanila ng anghel.

Pagdating ng ikawalong araw ay tinuli ang bata at pinangalanang Hesus – ang pangalang ibinigay ng anghel bago pa siya ipinagilhi.

Ang Mabuting Balita ng Panginoon!
B – Pinupuri ka namin, Panginoong Hesukristo!

Homiliya

Sumasampalataya

B – Sumasampalataya ako sa Diyos Amang makapangyarihan sa lahat, na may gawa ng langit at lupa. Sumasampalataya ako kay Hesukristo, iisang Anak ng Diyos, Panginoon nating lahat. Nagkatawang-tao siya lalang ng Espiritu Santo, ipinanganak ni Santa Mariang Birhen. Pinagpakasakit ni Poncio Pilato, ipinako sa krus, namatay, inilibing. Nanaog sa kinaroroonan ng mga yumao. Nang may ikatlong araw nabuhay na mag-uli. Umakyat sa langit. Naluluklok sa kanan ng Diyos Amang makapangyarihan sa lahat. Doon magmumulang paririto at nangamatay na tao.

Sumasampalataya naman ako sa Diyos Espiritu Santo, sa banal na Simbahang Katolika, sa kasamahan ng mga banal, sa kapatawaran ng mga kasalanan, sa pagkabuhay na muli ng nangamatay na tao at sa buhay na walang hanggan. Amen!

Panalangin ng Bayan

P – Ngayon ay Araw ng Kapayapaang Pandaigdig. Sa harap ng mahigpit nating pangangailangan sa kapayapaan sa daigdig, ipanalangin natin sa Diyos ang mahalagang kaloob na ito sa pamamagitan ni Mariang Reyna ng Kapayapaan. Manalangin tayo:

- B – Panginoon, dinggin Mo kami!**
- * Para sa buong Simbahang mag-anak ng Diyos sa lupa: Nawa siya'y maging kasangkapan para sa pakikipagkasundo ng sangkatauhan. Manalangin tayo! **B.**
- * Para sa Santo Papa at lahat ng pinunong panrelihiyon: Nawa magtagumpay sila sa kanilang mga patuloy na pagsisikap sa pagtataguyod ng kapayapaan sa mundo. Manalangin tayo! **B.**
- * Para sa lahat ng bansa sa mun-

do, lalo na iyong may digmaan: Nawa matagpuan nila sa kanilang pagkakapatiran ang batayan ng kanilang pagkakasundo. Manalangin tayo! **B.**

* Para sa ating lipunang tinatampukan ng di pagkakapantay-pantay at pagpapairal ng kanila lamang sariling kapakanan: Nawa lahat ng mamamayan ay lumago sa kanilang kamalayang panlipunan, paggalang sa karapatan ng kanilang kapwa, at malasakit sa kapakanang panlahat. Manalangin tayo! **B.**

* Para sa lahat ng Pilipinong mag-anak, lalo na iyong wala nang kapayapaan at pagkakaunawaan: Nawa tulungan sila ng diwa ng panahong ito upang makaraos sila sa kanilang mga kahirapan. Manalangin tayo! **B.**

* Tahimik nating ipanalangin ang ating mga pansariling kahalilingan. (*Tumahimik sandali.*) Manalangin tayo! **B.**

P –Ama, tulutan Mong pagharian ng Iyong kapayapaan ang aming mga puso at kami’y gawin Mong kasangkapan ng pakikipagkasundo sa aming mag-anak at pamayanan. Isinasamo namin ito sa ngalan ni Hesus, na Prinsipe ng Kapayapaang nabubuhay at naghaharing walang hanggan. **B –Amen!**

PAGDIRIWANG NG HULING HAPUNAN



P –Manalangin kayo . . .
B –Tanggapin nawa ng Panginoon itong paghahain sa iyong mga kamay sa kapurihan niya at karangalan, sa ating kapakinabangan at sa buong Sambayanan niyang banal.

Panalangin ukol sa mga Alay

P –Ama naming Lumikha, sa iyo nagmumula at nagkakaroon ng kaganapan ang tanan. Sa dakilang kapistahang ito ni Maria, na Ina ng Anak mong Diyos na totoo, maipagdiwang nawa namin ang pasimula ng Bagong Taon at paratingin mo kami sa kaganapan nito sa pamamagitan ni Hesuskristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan. **B –Amen!**

Prepasyo

P –Ama naming makapangyarihan, tunay ngang marapat na ikaw ay aming pasalamatang ngayong Dakilang Kapistahan ni Maria, Ina ng Diyos.

Bukod mong pinaggala sa babaeng lahat ang Mahal na Birheng totoong mapalad na iyong piniling maging Ina ng iyong Anak noong isugo mo siya bilang aming Mesiyas. Sa kapangyarihan ng Espiritung Banal, ang Birheng Maria ay naging Inang tunay ng iyong Anak na kanyang isinilang bilang liwanag nitong sanlibutan.

Kaya kaisa ng mga anghel na nagsisiawit ng papuri sa iyo nang walang humpay sa kalangitan, kami’y nagbubunyi sa iyong kadakilaan:

B –Santo, santo, santo . . .

Pagbubunyi

B –Aming ipinahahayag na namatay ang ‘yong Anak, nabuhay bilang Mesiyas at magbabalik sa wakas para mahayag sa lahat.

PAKIKINABANG



B –Ama namin . . .

P –Hinihiling namin . . .

B –Sapagkat iyo ang kaharian at ang kapangyarihan at ang kapurihan magpakailanman! Amen!

Paanyaya sa Kapayapaan

Paghahati-hati sa Tinapay

B –Kordero ng Diyos . . .

Paanyaya sa Pakikinasundo

P –Ito ang Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan. Mapalad ang mga inaanyayahan sa kanyang piging.
B –Panginoon, hindi ako karapat-dapat na magpatuloy sa iyo ngunit sa isang salita mo lamang ay gagaling na ako.

Antipona ng Pakikinasundo

(*Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.*)

Si Hesuskristo ay buhay noon pa mang nakaraan, s’ya rin sa kasalukuyan, s’ya pa rin magpakailanman at magpasawalang hanggan.

Panalangin Pagkapakinabang

P –Ama naming mapagmahal,

loobin mong sa pagdiriwang namin sa dakilang kapistahan ng Mahal na Ina ng iyong Anak at ng iyong sambayanan, kaming nagsalu-salo sa piging na banal ay makapakinabang nawa sa iyong buhay sa pamamagitan ni Hesuskristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

B –Amen!

PAGWAWAKAS



P –Sumainyo ang Panginoon.

B –At sumaiyo rin!

P –Magsiyuko kayo habang iginagawad ang pagbabasbas. (*Tumahimik sandali.*)

Puspusin nawa kayo ng Panginoon ng Kanyang pag-ibig at habag!

B –Amen!

P –Tulutan nawang tanglawan at patnubayan Niya kayo tuwina!

B –Amen!

P –Tunghayan Niya nawa kayo nang buong kabaitan at pagkalooban kayo ng kapayapaan!

B –Amen!

P –Pagpalain kayo ng makapangyarihang Diyos: Ama, Anak, at Espiritu Santo.

B –Amen!

P –Humayo kayo sa kapayapaan upang mahalina at paglingkurana ang Panginoon sa buong Bagong Taon.

B –Salamat sa Diyos!



Makinig sa Radyo Totoo (846 kHz) tuwing Sabado alas-5:00 hanggang alas-6:00 ng gabi, at makibahagi sa

“BISPERAS SA VERITAS”

– ang masigla’t “interactive” na palatuntunang pantulong para tuklasin ang mensahe ng Salita ng Diyos para sa ikatatatag ng inyong buhay, mag-anak, at pamayanan.

makinig. **Veritas846** kapanalig.
RADYO TOTOO
The Catholic Radio
f veritas846kapanalig www.veritas846.ph @kapanalig

“Ipagkaloob Mo Sa Amin ang Iyong Kapayapaan!”

Ang kapayapaan ay isang punong may sarisaring dahon, bulaklak, at bunga. Nag-uugat ito sa mga puso ng tao at lumalago sa dilig ng matibay na pananampalataya, kapangakuan, at pagsisikap sa harap ng mga pagtutol at sagabal. **Ang kapayapaan ay nasisikatan at pinasisigla ng araw ng isang tapat at panlahat na pag-ibig na di sumusuko sa paninira ng pagkamuhí at paghihiganti.**

Ang kapayapaan ay siyang mithiin ng lahat ng di napadadaig sa demonyong mapanira. Isinusulong ito ng kanyang mga tapat na taga-pagtaguyod, ngunit hindi maaaring magtagumpay nang walang pakikipagtulungan ng marami at ng sangkatauhan.

Ang kapayapaan ay isang maselang bunga. Madaling masira ng inggit, kasakiman, kapalaluan, at kalupitan, **ang kapayapaan ay napapawi kailanma't ang tao'y tumatalikod sa Diyos o nagbubuhat ng kamay laban sa kanyang kapwa.** Gayon na lamang ang lungkot ng Diyos kapag nakikita tayong sumisira sa ating kapayapaan.

Sa simula pa lamang, plano at pangarap na ng Diyos ang kapayapaan para sa tao. Ang Kaharian niya ay Kaharian ng Kapayapaan. **Ang pinakadakilang palatandaan ng pagkukusang pangkapayapaan ng Diyos ay ang pagkakatawag-tao ng Kanyang Anak. Naparito siya bilang tagapaghatid ng kapayapaan sa pagitan ng Diyos at ng tao; kapayapaan sa sangkatauhan.** Nang siya ay isilang, ang mga anghel ay naghangad ng kapayapaan sa lahat ng taong may mabubuting kalooban. At nang bago niya iwan ang mundo, ang

paalam din niya'y “Kapayapaan!”

Naparito si Hesus sa pamamagitan ng isang babae – si Mariang Reyna ng Kapayapaan. Nagpalipas siya ng mga araw sa mapayapang pakikiisa sa kanyang Anak. At sa kanilang matalik na pagsasama, nakahango si Maria ng kailangan niyang lakas upang makipagtulungan sa plano ng Diyos at tumugon sa pangangailangan ng kanyang kapwa.

Ang tungkuling pagtataguyod sa kapayapaan ay

pamana ni Hesus at ng kanyang ina sa lahat ng nagpapahayag ng pananampalataya sa Diyos, at lalo na sa mga disipulo ni Kristong Prinsipe ng Kapayapaan. Lahat tayo'y tinatawagang magtaguyod sa kapayapaan sa pamamagitan ng mga “gawang pangkapayapaan”— mga saloobin at gawaing magpapatunay sa kabaitan ng tao, aaliw sa mga nahahapis, tatanggap sa mga estranghero, magtatanggol sa naaapi, magpapairal sa katarungan at edukasyon bilang mga pangunahing kundisyon para sa tunay at pampalagiang kapayapaan. **Kung minsan, kailangan ding ipagtanggol ang kapayapaan laban sa mga naninira nito.** Ito ay isang hamon sa paggamit ng mga mapayapang pamamaraang laban sa karahasan, sa prinsipyo

at sa pagpapatupad. Ang mga nagniningning na halimbawa ni Hesus mismo at nina Francisco ng Assisi, Gandhi, Martin Luther King, Mother Teresa ng Calcutta, at Juan Pablo II ay marapat nating maging dakilang pampasigla. **Nang dahil sa mga biyaya ng Diyos, magagawa natin ang ipinagkakait sana ng ating kahinaan.**

Jess P. Balon



**Isang mabiyaya,
mapayapa at masaganang
Bagong Taon sa lahat!!!**



**WORD & LIFE
PUBLICATIONS**

Don Bosco Compound, A. Arnaiz Ave. cor. Chino Roces Ave., Makati, Metro Manila
Postal Address: P.O. Box 1820, MCPO, 1258 Makati, Metro Manila, Philippines
Tel. Nos. 894-5401; 894-5402; 892-2169 • **Telefax:** 894-5241 • **Website:** www.wordandlife.org
• **E-mail:** marketing@wordandlife.org, wordandlifepublications@gmail.com • **FB:** Word & Life Publications
• **Editorial Team:** Fr. S. Putzu, C. Valmonte, Sr. F. Santos, SMI, G. Ramos, R. Molmog, D. Daguio,
V. David • **Illustrations:** A. Sarmiento, B. Cleofe • **Circulation:** F. Edjan